

ARTICLE

**Pagsiyasat sa Naging Gampanin ng NACOCO,
PHILCOA, PHILCORIN, at CCC sa Industriya
ng Niyog sa Pilipinas, 1940-1972**
**[Investigation on the Roles of NACOCO, PHILCOA,
PHILCORIN, and CCC in the Coconut Industry
in the Philippines, 1940-1972]**

Romeo P. Peña

ABSTRAK

Sa pananaliksik na ito, bilang pamamaraan sa pagsulat ng kasaysayan—historiograpiya—sisiyasatin ang datos, tala, ulat, pananaliksik, at personal na komunikasyon sa mga magniniyog patungkol sa mga naitatag na ahensiya ng gobyerno na nakatuon sa industriya ng niyog sa Pilipinas. Una ay ang pagtalakay sa naging gampanin ng National Coconut Corporation (NACOCO) noong 1940 para matugunan daw ang layunin ng nagsasariling industriya ng niyog sa Pilipinas. Pagkatapos ng NACOCO ay naitatag naman noong 1954 ang Philippine Coconut Administration (PHILCOA). Sa pagpasok ng PHILCOA, matinding dagok ang kinaharap ng mga magniniyog sa Pilipinas dahil nakapaloob sa batas na lumikha sa PHILCOA ang probisyon na naging legal na batayan sa pagpapataw ng coconut levy sa industriya ng niyog sa Pilipinas. Sa kabila nito, nanatili pa rin ang pangunguna ng Pilipinas sa pag-eksport ng mga produktong mula sa niyog hanggang sa maitatag ang Philippine Coconut Research Institute (PHILCORIN) na tumuon naman sa mga programang pampananaliksik bilang tugon sa pangangailangan at suliranin sa industriya ng niyog at mga magniniyog. Ang huling pagtutuunan ay ang paglikha ng Coconut Coordinating Council (CCC) noong 1971 bilang katuwang sa pagsasagawa ng mga programa hinggil sa pagpapaunlad ng produksiyon, pagpoproseso, at pagbebenta ng niyog. Dahil sa mga nabanggit, ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang naging kalagayan ng industriya ng niyog sa panahon ng NACOCO, PHILCOA, PHILCORIN at CCC at mula rito ay makapaglatag ng mga ideya at mungkahi na makatutulong sa lalo pang pagpapatatag at pagpapaunlad ng industriya ng niyog sa Pilipinas.

MGA SUSING SALITA

industriya ng niyog sa Pilipinas, NACOCO, PHILCOA, PHILCORIN,
Coconut Coordinating Council ng Pilipinas

1-27

ABSTRACT

In this research, as a method of writing history—historiography, the data, records, reports, research, and personal communication with coconut farmers will be examined regarding the government agencies established to focus on the coconut industry in the Philippines. Firstly, the study will discuss the role of the National Coconut Corporation (NACOCO) in 1940 to address the objectives of the independent coconut industry in the Philippines. After NACOCO, the Philippine Coconut Administration (PHILCOA) was established in 1954. With the establishment of PHILCOA, coconut farmers faced a significant blow as the provision that became the legal basis for imposing the coconut levy on the coconut industry in the Philippines was included in the law that created PHILCOA. Despite this, the Philippines remained in the top in exporting coconut products until the establishment of the Philippine Coconut Research Institute (PHILCORIN), which focused on research programs to address the needs and challenges of the coconut industry and coconut farmers. The last agency to be established was the Coconut Coordinating Council (CCC) in 1971, which was a partner in implementing programs aimed at improving the production, processing, and sale of coconuts. Based on these, the general objective of this study is to analyze the situation of the coconut industry during the period of NACOCO, PHILCOA, PHILCORIN, and CCC and to provide ideas and suggestions to further strengthen and develop the coconut industry in the Philippines.

KEYWORDS

coconut industry in the Philippines, NACOCO, PHILCOA, PHILCORIN,
Philippine Coconut Coordinating Council

Introduksiyon

Mahalagang talakayin ang pagkakatatag ng mga ahensiya ng gobyerno ng Pilipinas na nakatuon sa industriya ng niyog upang matukoy ang naging gampanin ng mga ito sa pagpapaunlad ng isang napakahalagang industriya na itinuring pa ring nangungunang agrikultural na eksport na nagsasampa ng kita sa Pilipinas sa kasalukuyan. Una sa mga ito ay ang pagsulpot ng isang korporasyon ng gobyerno na naitatag noong 1940 at may layuning maisulong daw ang nagsasariling industriya ng niyog sa Pilipinas, ito ang National Coconut Corporation (NACOCO). Mula sa panahon ng NACOCO, bilang pamamaraan sa pagsulat ng kasaysayan—historiograpiya (Michael Bently 1999 at Atoy Navarro 2000), siniyasat ang datos, tala, ulat, pananaliksik, at personal na komunikasyon sa mga magniniyog bilang mga naratibong pangkasaysayang inilatag sa pananaliksik na ito. May mga patunay rin sa pananaliksik na ito na sa mahabang panahon ay higit na napakinabangan ng mga Amerikano ang industriya ng niyog sa Pilipinas. Dahil nakita ng mga Amerikano na matindi ang pag-unlad ng industriya ng niyog sa Pilipinas, gumawa sila ng paraan para mapigilan ang tuluy-tuloy na pag-unlad nito sa pamamagitan ng pagpapataw ng quota, export tax at excise tax sa mga iniluluwas na produktong mula sa niyog ng Pilipinas (Steve Macisaac 2002, 151). Kasunod na tinalakay ay ang naging sitwasyon ng industriya sa panahong naitatag ang tatlo pang ahensiya ng pamahalaan na nilikha para sa pangangailangan ng industriya ng niyog sa ating bansa. Ang mga ahensiyang ito ay ang Philippine Coconut Administration (PHILCOA), Philippine Coconut Research Institute (PHILCORIN), at Coconut

2

Coordinating Council (CCC). Sisiyasatin sa pananaliksik na ito kung bakit sa apat na ahensiyang nabanggit, ang PHILCORIN at CCC ang may naging malinaw na ambag at nagawa para paunlarin ang industriya ng niyog lalo na sa bahaging Mindanao ng ating bansa at mula rito ay makapaglatag ng mga ideya at mungkahi na makatutulong sa lalo pang pagpapatatag at pagpapaunlad ng industriya ng niyog sa Pilipinas.

Ang Pagtatatag ng National Coconut Corporation para sa Nagsasariling Industriya ng Niyog sa Pilipinas

Bago pa man itatag ang National Coconut Corporation (NACOCO), nakakalat na sa Luzon, Visayas, at Mindanao ang malalawak na mga niyugan sa bansa (George Hicks 1967, 8). Sa isinagawang census sa agrikultura noong 1939, makikita ang bilis ng paglawak ng niyugan sa Pilipinas dahil 1,051,000,000 ektarya na ang kabuuang lawak ng niyugan sa taong ito (Hicks 1967, 8) kumpara sa halos 636,000 ektarya lamang noong 1937 at higit 208,000 ektarya lamang noong 1911. Sa Luzon, nangunguna sa malalawak na niyugan ang Lalawigan ng Quezon na umabot sa 149,000 ektarya, kasunod ang Laguna na may 50,000 ektarya at ang Camarines Sur na may 44,000 ektaryang lawak ng niyugan. Sa Visayas, Samar ang nangunguna na may 76,000 ektaryang lawak ng niyugan kasunod ang Leyte na may 64,000 ektarya ng niyugan. Samantalang sa Mindanao ay Davao ang nangunguna na may 38,000 ektaryang lawak ng niyugan kasunod ang Cotabato na may 16,000 ektaryang lawak ng niyugan (tingnan ang Talahanayan 1 *Land Area Planted by Major Coconut Producing Provinces of the Country* para makita ang pagbabago pagsapit ng 1948).

Talahanayan 1: Land Area Planted by Major Coconut Producing Provinces of the Country
(in thousand hectares and in percent of total area planted) (kinuha sa Census of Agriculture 1939; 1948)

Provinces	1939		1948	
Quezon	149	14.9%	102	10.90%
Samar	76	7.22%	72	8.37%
Leyte	64	6.05%	56	6.52%
Laguna	50	4.74%	29	3.40%
Camarines Sur	44	4.20%	43	4.97%
Davao	38	3.56%	34	2.95%
Cotabato	16	1.55%	15	1.77%

Malaki rin ang idinami ng bilang ng puno ng niyog sa bansa mula sa 41,695,160 puno ng niyog noong 1911 hanggang sa maging 120,965,600 puno ng niyog noong 1937. At noong 1948, umabot na ang bilang ng puno ng niyog sa 139,209,002 sa bansa ayon mismo sa ulat ng NACOCO (Maximo Kalaw 1948, iii). Kapansin-pansin sa datos na ito ang lawak ng niyugan at dami ng puno ng niyog sa bansa bago pa sumapit ang 1940 at maitatag ang NACOCO. Kung lilingunin naman

ang mismong kalagayan ng industriya ng niyog, 10 taon bago sumapit ang 1940, makikitang nagpatuloy namang umangat ang dami ng nailuwas na kopra, coconut oil, copra cake, at desiccated coconut mula 1930 hanggang 1939 na makikita sa Talahanayan 2. Subalit noong 1940, maitatala ang pinakamalaking porsiyento ng kalakal (kasama na ang nasa industriya ng niyog) ng Pilipinas ang hinamig ng mga Amerikano, ito ay umabot ng 75 porsiyento ng kabuuang 251 milyong dolyar na naikalakal ng bansa (Gerardo Sicat 2020). Napipinto rin sa sumunod na taon ang panghihimasok ng mga Hapon na nagdulot ng pagkalugmok ng ekonomiya ng Pilipinas, at marka ang 1940 ng pagbagsak ng industriya ng niyog dahil bukod sa epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagpataw ang Amerika ng tatlong paraan upang mapigilan ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng industriya ng niyog sa Pilipinas. Ang tatlong paraang ito ay binanggit ni Steve Macisaac (2002, 151) sa kaniyang pag-aaral na pinamagatang, *The Struggle for Economic Development in the Philippine Commonwealth, 1935-1940.*” Aniya:

The United States tried to restrict further development of the Philippine coconut industry during the Commonwealth in three ways. First, the Tydings-McDuffie Act imposed a quota of 200,000 tons on coconut oil exports to the United States. Second, the export tax scheduled for 1941 was to be applied to all coconut exports. Third, the Revenue Act of 1934 imposed an excise tax of three cents per pound on all fats and oils derived from the processing of Philippine copra. It was the copra industry that was hit first and hardest by these measures. The primary culprit was the excise tax. It effectively doubled the price of coconut oil in the U.S. and alternatively caused a nearly 50 percent decline in the market price of Philippine copra. From 1923 to 1929 the price of copra never fell below four cents a pound. Even after the depression hit the price stood at 3.5 cents in 1930. In 1935, however, the first year of the excise tax, copra prices stood at two cents a pound, falling to as low as 1.6 cents in 1940. [Sinikap ng Estados Unidos na hadlangan ang lalong pag-unlad ng industriya ng niyog sa Pilipinas noong panahon ng Komonwelt sa tatlong paraan. Una, nagtakda ang Tydings-McDuffie Act ng quota na 200,000 tonelada sa mga eksport ng langis ng niyog patungong Estados Unidos. Pangalawa, ang buwis sa pag-eksport na itinakda para sa taong 1941 ay ipapataw sa lahat ng eksport ng niyog. Pangatlo, ang Revenue Act ng 1934 ay nagtakda ng excise tax na tatlong sentimo bawat libra sa lahat ng mantika at langis na mula sa pagpoproseso ng kopra ng Pilipinas. Ang industriya ng kopra ang unang tinamaan na naapektuhan nang husto ng mga hakbang na ito. Ang pangunahing dahilan ay ang excise tax. Naging doble ang presyo ng langis ng niyog sa Estados Unidos at nagdulot ito ng halos 50 porsiyentong pagbaba sa presyo ng kopra sa merkado ng Pilipinas. Mula 1923 hanggang 1929, hindi bumaba ang presyo ng kopra sa apat na sentimo bawat libra. Kahit nang tumama ang depresyon, nanatiling nasa 3.5 sentimo ang presyo noong 1930. Ngunit noong 1935, sa unang taon ng excise tax, ang presyo ng kopra ay nasa dalawang sentimo bawat libra, bumagsak pa hanggang 1.6 sentimo noong 1940.]

Pagpapataw ng quota, export tax, at excise tax ang tatlong paraan ng Amerika para mapigilan ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng industriya ng niyog sa Pilipinas. Ang tatlong pamamaraang ito lalo na ang pagpapataw ng excise tax ang naging mitsa ng pagbagsak ng presyo ng kopra sa bansa. Naitala noong 1940 ang pinakabagsak na presyo ng kopra sa kasaysayan ng industriya ng niyog sa Pilipinas, na nagkakahalaga lamang ng 1.6 sentimo. Ibig sabihin, ang industriya ng niyog ang isa sa mga industriyang tinamaan ng mga ipinataw na polisiya at batas ng mga Amerikano na nagdulot ng masamang epekto lalo na sa mga karaniwang magniniyog na umaasa sa kita sa pagniniyog/pagkokopra/paglulukad.

Talahanayan 2: Coconut Industry Exports from the Philippines
(kinuha sa *Report on a Visit to the Philippine Islands for the Purpose of Studying the Conditions of the Coconut Industry* ni F. C. Cooke (1940, 9))

YEAR	EXPORTS			
	Copra (Tons)	Coconut Oil (Tons)	Copra Cake (Tons)	Desiccated Coconut (Tons)
1930	144,000	102,000	55,000	8,000
1931	171,000	115,000	70,000	12,000
1932	196,000	142,000	90,000	14,000
1933	231,000	140,000	81,000	15,000
1934	171,000	137,000	112,000	20,000
1935	172,000	145,000	89,000	22,000
1936	171,000	122,000	98,000	20,000
1937	134,000	112,000	75,000	16,000
1938	303,000	137,000	99,000	16,000
1939	346,000	145,000	100,000	25,000

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang magandang pagganap ng industriya ng niyog kung pag-uusapan ang pagluluwas ng produktong buhat sa niyog. Masisipat sa huling taon (1939) bago magkaroon ng NACOCO ay matindi ang iniangat ng dami ng iniluwas na kopra na umabot ng 346,000 tonelada kumpara noong 1930 na 144,000 tonelada lamang. Gayundin ang pag-angat ng dami ng iniluwas na coconut oil na mula lamang 102,000 tonelada noong 1930 ay naging 145,000 tonelada noong 1939. Samantalang mainam din ang dami ng iniluwas na copra cake noong 1934 na umabot sa 112,000 tonelada na lumamang pa sa 100,000 tonelada lamang noong 1939. Umakyat din ang dami ng iniluwas na desiccated coconut mula 8,000 tonelada noong 1930 tungong 25,000 tonelada noong 1939. Halos magkakasabay ang pag-angat ng bawat produktong mula sa niyog na iniluluwas ng Pilipinas mula sa datos na inihain sa Talahanayan 3.

Naitatag ang NACOCO na pangunahing korporasyon ng gobyerno para sa industriya ng niyog noong Mayo 7, 1940 sa pamamagitan ng Batas Komonwelt Blg. 518. Nakasaad sa batas na lumikha sa NACOCO ang ganito:

The National Coconut Corporation shall have the following objects: (a) To establish, keep, maintain, and operate or help establish, keep, maintain, and operate drying plants, or copra driers, or coconut centrals with a view to adjusting the coconut industry to a position independent of trade preferences in the United States and to provide facilities for the better curing of copra products and the proper utilization of coconut by-products, provided that no subsidy, direct or indirect, shall be paid to producers or processors of copra, coconut oil, or allied products; (b) To afford facilities for bona fide production loans to Philippine coconut planters and copra producers. [Ang National Coconut Corporation ay magkakaroon ng mga sumusunod na layunin: (a) Magtatag, magpanatili, at magpatakbo o tumulong magtatag, magpanatili, at magpatakbo ng mga drying plant, o copra drier, o coconut central na may layuning iayon ang industriya ng niyog upang maging independiyente mula sa mga pribilehiyo sa kalakalan sa Estados Unidos at magbigay ng mga pasilidad para sa mas mahusay na pagpapatuyo ng mga produkto ng kopra at wastong paggamit ng mga produkto ng niyog, sa kondisyon na walang subsidiya, direkta o hindi direkta, ang babayaran sa mga prodyuser o nagpoproseso ng kopra, langis ng niyog, o mga kaugnay na produkto; (b) Maglaan ng mga pasilidad para sa pagpapautang sa mga lehitimong nagtatanim ng niyog at mga prodyuser ng kopra sa Pilipinas.]

6

Mababanaag sa Batas Komonwelt Blg. 518 na ang NACOCO ay may layuning mapaunlad ang nagsasariling industriya ng niyog sa Pilipinas na iba sa mga preperensiyang pangkalakalan ng Estados Unidos. Maganda sana ang hangaring mapaunlad ang nagsasariling industriya ng niyog sa Pilipinas ngunit kahit sa mismong batas na lumilikha sa NACOCO, tila malabo ang paghahangad ng pag-unlad dahil komplikado ang linyang, “no subsidy, direct or indirect, shall be paid to producers or processors of copra, coconut oil, or allied products. [“walang subsidiya, direkta o hindi direkta, ang babayaran sa mga prodyuser o nagpoproseso ng kopra, langis ng niyog, o mga kaugnay na produkto.]”

Mukhang hindi pa rin naman para sa kapakanan ng mga Pilipino ang paglikha sa NACOCO dahil kahit mga Pilipino ang prodyuser at nagpoproseso ng kopra at iba pang produktong mula sa niyog, ayon sa batas, ay wala pa ring ibibigay na insentibo sa kanila.

Simula nang umusbong ang industriya ng niyog sa Pilipinas, higit ang naging pakinabang ng mga dayuhan dito lalo na ang mga Amerikano kaysa mga Pilipino dahil ang nauna ang nagsisilbing eksporter ng mga produktong mula sa industriyang ito. Ipinalaganap kasi ng mga dayuhan sa bansa sa loob ng mahabang panahon na “ampon” lamang ang industriyang ito dahil sa kakulangan ng atensiyon ng mga mamumuhunan dito. Ito ay kahit mababakas sa kasaysayan na nakaugat ang industriyang ito sa kaalamang-bayan ng mga Pilipino noon pa man. Matindi ang pag-aangkin ng mga Amerikano na sila ang nagsulong ng

industriyang ito sa Pilipinas, kaya sa mahabang panahon ay sila ang namayani at komontrol sa industriyang ito lampas pa sa buong panahong sakop nila ang Pilipinas. Ibinabandera pa nga nila sa mga pananaliksik noon na lumaganap sa kanilang bansa na sila ang dahilan ng pag-unlad ng industriya ng niyog sa Pilipinas kaya nakarating ito sa merkado ng mga Amerikano, lalo na ang kopra at coconut oil. Isa sa mga pananaliksik ay ang lumabas sa Far Eastern Survey ng American Council, Institute of Pacific Relations noong 1935 na makikita ang ilang bahagi sa ibaba bilang Larawan 1.

FAR EASTERN SURVEY

Fortnightly Research Service
AMERICAN COUNCIL · INSTITUTE OF PACIFIC RELATIONS
129 East 52nd Street · New York City

WILLIAM W. LOCKWOOD, Jr., Acting Editor

Telephone: PLaza 3-4700

Color Inset

Vol. IV · 20

NEW YORK, OCTOBER 9, 1935

Annual Subscription \$2.50
Single Copies35

Contents

PHILIPPINE COPRA AND COCONUT OIL IN THE AMERICAN MARKET

Inflation and Deficit Finance in Japan
Trends in Japan's Lumber and Wood Pulp Trade

PHILIPPINE COPRA AND COCONUT OIL IN THE AMERICAN MARKET

By Lloyd P. Rice*

For over a generation Filipinos have been intent upon achieving political independence and have given little serious attention to the possible effects of independence upon their export trade and consequently upon their purchasing power, standards of living, government revenues and services, and upon future political and economic stability. With the approach of the inauguration of the Commonwealth government on November 15, 1935, and the prospect of complete independence ten years hence, interest is turning to a serious consideration of the probable economic consequences of independence.

Philippine leaders have never accepted the trade provisions of the Independence Act as satisfactory or fair. President Roosevelt, recognizing this, has indicated a willingness to reconsider and possibly to modify such provisions as appear to be onerous and has stated that he expects to call a joint trade conference "at as early a date as practicable after the inauguration of the Commonwealth government." It is the apparent hope of Filipino leaders that a trade agreement may be formed which will provide for an indefinite continuance, with certain limitations, of the free trade conditions which have prevailed for a quarter of a century.

The facts are apparently ignored that such an arrangement would be regarded as contrary to the interests of those American farm groups which supported the Filipino petitions for independence; that it is impossible of realization without a favorable reconsideration by the United States Congress of the controversial trade provisions of the Act; and finally that it is contrary to those interests which believe that the

position of the United States in the Far East would be strengthened by withdrawing from the vulnerable Philippine Islands.

The mutual importance of United States-Philippine trade is such as to merit extended popular discussion of the question of the future trade relationship between the two areas. Not only is the future political and economic life of the Islands involved, but it is also a matter of vital interest to the commercial position of the United States in the Far East and is directly related to the welfare of such important domestic groups as American farmers and textile manufacturers.

The coconut industry is of peculiar importance to the Philippine Islands because more Filipinos are directly dependent upon the production of copra, the dried meat of the coconut, than upon any other Philippine industry not excluding sugar, although sugar has recently been more important in the export trade. Investment in coconut groves is estimated at nearly \$250 millions and many of the provinces depend largely upon the taxation of coconut trees and lands for their revenues. The Philippines have in recent years supplied approximately one third of the world's export trade in copra and its derivative oil, the Dutch East Indies, British Malaya and Ceylon being the other leading producers. Nearly all of the coconut oil and from two thirds to three fourths of the copra exported generally find a market in the United States.

For over a quarter of a century Philippine producers —
*Professor of Economics at Dartmouth College, formerly associated with the economic staff of the United States Tariff Commission (1934-35) and with the Federal Farm Board.

other oils by the Internal Revenue Act of 1934 is of far more concern to the Philippines than the Independence Act, so far as the coconut industry is concerned. As long as any considerable differential is maintained favoring the processing of coconut oil from Philippine copra compared with that of competing countries, there is every reason to believe that the recent trends will continue and the Philippines will altogether displace other copra areas in supplying the American market.

(4) The processing tax on coconut oil is, of course, a distinct handicap to Philippine copra producers in competing with United States producers of unaxed fats and oils. The extent of this disadvantage after independence will depend upon the rate of tax (if any) which is then in effect.

(5) Whatever tendency the tax might have in bringing about a substitution of domestic oils for coconut oil is rather narrowly limited by two factors:

(a) by the strong consumer demand for soaps possessing qualities which require a large proportion of coconut oil, and (b) by the fact that domestic fats and oils are by-products and therefore their production is unlikely to increase materially even if the prices of domestic oils rise as a result of the tax. Although the tax will tend to increase the cost and to decrease somewhat the use of coconut oil, its effect upon the use of coconut oil in soap is unlikely to be as great as upon other taxed oils and a substantial

market will continue for Philippine coconut oil both in soap and in margarine.

(6) Recent trends in the price of competing soap and food oils suggest that some part of the processing tax has been passed back to producers of Philippine copra but probably less than has been passed on to American processors or consumers in the form of higher prices for products containing any of the fats and oils affected. The recent rise in price, which was appreciably less for taxed than for unaxed oils, should probably be ascribed more largely to other factors than to the tax.

(7) The return to the Philippine Treasury of taxes amounting to around \$18 millions annually may be used in ways which will offset in large degree the injurious effects of the processing taxes which are apparently shifted only partially to Philippine producers.

PRINCIPAL SOURCES:

Annual Reports of the Insular Collector of Customs, P. I. Department of Finance; Statistical Handbooks of the Philippine Islands, P. I. Department of Agriculture and Commerce; Foreign Commerce and Navigation of the United States, U. S. Bureau of Foreign and Domestic Commerce; Report to the Congress on Certain Vegetable Oils, *Wheat Oil and Copra*, U. S. Tariff Commission, Report No. 41 Second Series, Philippine Independence Act (H. R. 8572) (Tydings-McDuffie Law); *Economic Problems of the Philippines*, Philippine Economic Association; *United States-Philippine Tariff and Trade Relations*, U. S. Tariff Commission, Report No. 10, Second Series; Data on trade and consumption, U. S. Department of Agriculture, Division of Statistical and Historical Research.

SIGNIFICANT DEVELOPMENTS

INFLATION AND DEFICIT FINANCE IN JAPAN

For four consecutive years Japan has been running huge national deficits, financed by successive issues of "red ink bonds." From June, 1931, to June, 1935, the national debt increased 50%, standing at 9,663 million yen (including 539 millions in treasury bills and rice-purchase notes) on June 30 of this year. It has been freely predicted for some time that the country was headed along a path of inflation ending in monetary chaos. Are there signs that this prophecy is coming true?

The answer appears to be in the negative, to judge by the usual indicators of financial stability. The wholesale price level rose rapidly in 1931, to be sure, and again in 1934, but it is still well below the level of 1928-29 and the tendency this year has been slightly downward. The yen has depreciated little in relation to sterling since the end of 1933. Its earlier decline, however, is reflected in higher price levels, particularly in internationally traded goods. Since the application of the gold embargo in December, 1931, the Mitsubishi import price index for Japan has almost doubled, the increase being roughly 80% more than for export

prices. In other words, the terms upon which Japan exchanges exports for imports have moved heavily to her disadvantage, though the volume of both has increased.

The Bank of Japan's note issue increased from 999 million yen in July, 1932, (daily average) to 1,146 millions in July, 1934, and 1,207 millions a year later. This increase does not seem undue in view of the fact that production indices meanwhile moved up nearly 50%. Despite the prediction, furthermore, that the Bank's underwriting of government security flotations would load its portfolio with unsealable bonds and notes, this has not proved to be the case. On June 30 of this year its holdings of government issues totalled 579 million yen, an increase of 461 millions in three years. Of its present holdings only about 130 million yen is estimated to be in national bonds. Yet the Bank during this three-year period has underwritten bonds valued at 2,244 million yen, of which 2,146 millions (including 50 millions previously purchased) have been sold in the market. Where have these securities gone? Of the 2,146 millions disposed of 1,339 millions were

Larawan 1: "Philippine Copra and Coconut Oil in the American Market," isinulat ni Lloyd P. Rice

Kahit naitatag ang NACOCO noong 1940 ay nagpatuloy pa rin ang pakikinaibang ng mga Amerikano sa industriyang ito sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga taripa at buwis sa mga produktong nagmumula sa niyog na nagsimula pa noong 1921 at nagpatuloy pa hanggang dekada '60, gaya ng makikita sa Talahanayan 3.

Talahanayan 3: Summary of Tariffs and Taxes Imposed on Philippine Coconut Products
(kinuha sa *US Tariff Commission Reports*)

Year	Acts or Official Documents	Coconut Oil			Copra	Copra Meal and Cake	Desiccated Coconut
		Tariff	Processing (excise) Tax	Additional Tax	Tariff	Tariff	Tariff
1921	US Emergency Act of 1921	2.67 cents per pound					
1922	US Tariff Act of 1922 (Fordney McCumber Tariff Act)	Reduced to 2 cents per pound					2 cents per pound
1930	US Tariff Act of 1930	Continued imposition of 2 cents per pound					Continued imposition of 2 cents per pound
1934	US Internal Revenue (Tydings-McDuffie Law)	Continued imposition of 2 cents per pound	3 cents per pound	2 cents per pound	1.87 cents per pound	3/10 cents per pound	Continued imposition of 2 cents per pound
1946	US Philippine Trade Agreement	Reduced to 1 cent per pound	Carry over of 3 cents per pound	Continued imposition of 2 cents per pound	Continued imposition of 1.87 cents per pound	Continued imposition of 3/10 cents per pound	Continued imposition of 2 cents per pound
1948	US GATT Agreement	Continued imposition of 1 cent per pound	Carry over of 3 cents per pound	Continued imposition of 2 cents per pound	Continued imposition of 1.87 cents per pound	Continued imposition of 3/10 cents per pound	Reduced to 1 ¾ cents per pound
1954	Internal Revenue Code of 1954 (Section 4511)	Continued imposition of 1 cent per pound	Carry over of 3 cents per pound	Continued imposition of 2 cents per pound	Continued imposition of 1.87 cents per pound	Continued imposition of 3/10 cents per pound	Continued imposition of 1 ¾ cents per pound
1956	Laurel-Langley Agreement	Continued imposition of 1 cent per pound	Carry over of 3 cents per pound	Continued imposition of 2 cents per pound	Continued imposition of 1.87 cents per pound	Changed to .05 x .3 cents per pound	Changed to .05 x 1.75 cents per pound
1959	Laurel-Langley Agreement	Continued imposition of 1 cent per pound	Carry over of 3 cents per pound	Continued imposition of 2 cents per pound	Continued imposition of 1.87 cents per pound	Changed to .10 x .3 cents per pound	Changed to .10 x 1.75 cents per pound
1962	Laurel-Langley Agreement EEC Proposal (US Customs Simplification Act)	Continued imposition of 1 cent per pound	Converted into customs duty	Converted into customs duty	Processing tax of 1.87 cents per pound converted into customs duty	Changed to .20 x .3 cents per pound	Changed to .20 x 1.75 cents per pound
1965	US Customs Simplification Act	Continued imposition of 1 cent per pound	Continued as customs duty	Continued as customs duty	Continued Processing tax of 1.87 cents per pound converted into customs duty	Changed to .40 x .3 cents per pound	Changed to .40 x 1.75 cents per pound
1968	US Customs Simplification Act	Continued imposition of 1 cent per pound	Continued as customs duty	Continued as customs duty	Processing tax of 1.87 cents per pound converted into customs duty	Changed to .60 x .3 cents per pound	Continued imposition of .40 x 1.75 cents per pound
1971	US Customs Simplification Act	Continued imposition of 1 cent per pound	Continued into customs duty	Continued as customs duty	Processing tax of 1.87 cents per pound converted into customs duty	Changed to .80 x .3 cents per pound	Changed to .80 x 1.75 cents per pound

SSD 19:1 2023

Mababakas sa Talahanayan 3 na hindi nga napatid ang pakikinabang ng mga Amerikano sa industriya ng niyog sa Pilipinas. Masisipat kung gaano kalaki ang pakinabang ng Estados Unidos sa industriya ng niyog sa bansa sa pamamagitan ng mga tala noong 1937: na mula raw 1926 hanggang 1936 ay naglalaro sa 99.6 hanggang 100 porsiyento ng desiccated coconut na inaangkat ng Estados Unidos ay nagmumula sa Pilipinas (Hicks 1967, 66). May tala rin ang Insular Collector of Customs noong 1940 na 59.4 porsiyento ng inaangkat na kopra at 83.4 porsiyento ng inaangkat na coconut oil ng Estados Unidos ang nangggagaling sa Pilipinas (Hicks 1967, 66). Isa pang mahalagang mapansin, malaking porsiyento ang mga kompanyang nag-eksport sa Pilipinas ay pag-aari ng mga Amerikano ayon sa ulat noong 1965. Maihahalimbawa rito ang Legaspi Oil Company, Inc. na ang may-ari ay Amerikano na nag-eksport ng 24.8 porsiyento ng kabuuang iniluwas na coconut oil at 16.6 porsiyento ng kabuuang iniluwas na copra meal and cake ng bansa. Ang Franklin Baker Company of the Philippines at Peter Paul Philippine Corporation naman na parehong pag-aari rin ng mga Amerikano ay nagluwas ng 30.4 porsiyento at 20.4 porsiyento ng kabuuang desiccated coconut na iniluwas ng bansa. Kasama pa ang Procter & Gamble Philippines at Granexport Corporation na nagluwas ng 17.8 porsiyento at 13.9 porsiyento ng kabuuang kopra na iniluwas ng bansa. Ang dalawang copra exporter na ito na nasa Pilipinas ay parehong pag-aari rin ng mga Amerikano. Kung tititigan ang datos ay matatanto nating umarangkada ang Pilipinas bilang pangunahing eksporter ng desiccated coconut, copra meal and cake, kopra at coconut oil sa Estados Unidos sa mga panahong iyon pero ang mga eksporter din pala nito ay mga kompanyang bagaman nakabase sa bansa ay pagmamay-ari naman ng mga Amerikano. Dagdag pa, sa pag-arangkada ng dami ng iniluluwas na produktong mula sa niyog palabas ng bansa o patungong Estados Unidos ay umarangkada rin ang halaga ng taripa at buwis na ipinapataw rito. Ipagakita rin sa Talahanayan 4 kung gaano ang naging halaga ng industriya ng niyog na pangunahing pinagmumulan ng produktong iniluluwas ng bansa gaya ng kopra, coconut oil, copra meal/cake at desiccated coconut mula sa nakalap na ulat mula 1949 hanggang 1953.

Talahanayan 4: Value of Philippine Exports of Coconut Products
(in million pesos) (kinuha sa taunang ulat ng Central Bank (para sa iba't ibang taon))

Year	Value of Coconut Products Exports	Value of Total Exports	Gross National Product	Percent Value of Total Exports	Percent Value of GNP
1949	260.8	495.7	5,050	52.6	5.16
1950	356.8	662.1	5,130	53.9	6.95
1951	393.0	854.9	7,852	45.9	5.00
1952	242.9	691.4	7,925	35.1	3.06
1953	307.6	796.5	8,356	38.6	3.68

Sa ganitong sitwasyon ng industriya ng niyog, may obserbasyon noon at hanggang sa kasalukuyang panahon na kahit umarangkada nang husto ang pag-eksport ng mga produkto ng niyog gaya ng kopra, copra meal and cake, coconut oil, desiccated coconut at isama pa ang oleo chemicals, wala pa ring tunay na pag-unlad na nagaganap sa industriya ng niyog sa bansa. Namamayani pa rin ang matinding kahirapan sa milyong magniniyog sa Pilipinas (Monica Castillo at Princess Alma Ani 2019). Sa pag-andar ng panahon ay lalong dumarami ang mga magniniyog na walang sariling niyugan na sinasaka. Susuportahan ang ganitong obserbasyon kahit ng mga dati pang mga census sa agrikultura sa bansa; halimbawa nito ay ang napakabilis na paglobo ng dami ng mga magniniyog na tinatawag na tenant o nangangamuhan lamang sa niyugan na pagmamay-ari ng iba. Naitala sa census noong 1939 na 22 porsiyento ng kabuuang magniniyog sa bansa ay tenant, imbes na lumiit sana ang bilang nito kung may maayos na repormang agraryo, hindi ito nabawasan, sa halip, paglipas ng 20 taon ay dumami pa ito at naging 25 porsiyento na ang kabuuang bahagdan ng mga mangniniyog na tenant sa bansa batay sa census noong 1960. Dagdag pa rito ang pananatiling buyer at dealer lamang ng mga Pilipino at hindi bilang mga eksporter at may-ari ng malalaking coconut millers at desiccators. May datos na nagpapatunay na sa 100 porsiyento ng mga eksporter ng coconut oil sa Pilipinas, 26 porsiyento roon ay mga Amerikano at walong porsiyento lamang ang mga Pilipino; ang natitira ay iba't ibang lahi na namuhunan sa ating bansa. Ganito rin sa eksporter ng copra meal and cake: 28 porsiyento ang mga Amerikano at limang porsiyento lamang ay mga Pilipino. Hindi na rin mailalayo ang kalagayan pagdating sa eksporter ng kopra na 32 porsiyento ang mga Amerikano kumpara sa 19 porsiyentong pagmamay-ari ng mga Pilipino. At mas kalunus-lunos naman ang sitwasyon pagdating sa eksporter ng desiccated coconut dahil walang Pilipinong eksporter nito, samantalang 68 porsiyento ng mga eksporter ay Amerikano at 25 porsiyento ay Briton.

Bukod pa sa mga nabanggit na dahilan kaya hindi totoong umuunlad ang industriya ng niyog sa Pilipinas kahit umaarangkada ang pag-eksport sa ibang bansa ng mga produktong mula sa niyog, nariyan ang hindi masyadong ipinapapansing detalye ng ginawang pagmomonopolyo ng mga may-ari ng malalawak na niyugan noon sa bansa. Dahil sa pagtatatag noong 1947 ng isang asosasyon ng mga may-ari ng malalawak na niyugan, makaiisip sila ng karagdagang ipapataw na buwis sa produksiyon ng niyog sa bansa. Sa umpisa, ang itatawag sa itinatag na asosasyon noong 1947 ay Philippine Coconut Planters Association, Inc., na kalaunan ay magiging Philippine Coconut Producers Federation, Inc. o mas kilala bilang COCOFED. Mapapansing kahit ang asosasyong ito ay para sa mga nagtatanim at nagpoprodyus ng niyog, ang bumubuo sa organisasyong ito ay hindi naman talaga mga magniniyog kundi mga negosyanteng nakabase sa Maynila at mga maiimpluwensiyang tao na matindi ang kapit sa pamahalaan. Ang COCOFED ang pagmumulan ng ideya at magsusulong ng pagpapataw ng coconut levy sa produksiyon ng niyog sa bansa pagsapit ng 1971. Ang coconut levy na ito ay minonopolyo ng mga negosyante at maiimpluwensiyang tao sa panahong

iyon. Lumabas sa ulat noong 1948 na malaking porsiyento ng mga malalawak na niyugan sa bansa na umaabot sa 20 ektarya pataas ay pagmamay-ari ng mga mga malalaking negosyante sa Pilipinas. Bukod pa sa mga dayuhang eksporter, may mga negosyanteng tumayong middleman, at sila rin ang nakinabang nang husto sa industriya ng niyog at hindi ang mga karaniwang magniniyog (Guro Skare 1995, 62). Ang ganitong naging kalagayan ng industriya ng niyog ay inamin sa ulat noong 1948 ng mismong General Manager noon ng NACOCO na si Maximo M. Kalaw (1948, iii-iv). Pag-amin niya:

Unfortunately, for the country while out of 139,209,002 coconut trees in the Philippines, 138,512,257 are owned by Filipinos, leaving less than a million to foreigners, probably 99% of both domestic and copra export trade are in the hands of foreigner. This means that before a kilo of copra reaches the its final destination, an oil mill abroad, or in Manila, it must have passed through 2, 3 or maybe 4 foreign hands, the middlemen, and through that period, through that interregnum, the middlemen will have made three to five times more than the producer. Copra trading by the government, whether it loses or not, is a benefit to the planters in that it lessens, if it does not completely eliminate, the huge profits of the middlemen. [Sa kasamaang-palad, sa 139,209,002 puno ng niyog sa Pilipinas, 138,512,257 ay pag-aari ng mga Pilipino na nag-iwan ng mas mababa sana sa isang milyong puno sa mga dayuhan. Ngunit 99% ng pag-eeksport ng kopra ay nasa kamay ng mga dayuhan. Ibig sabihin nito, bago makarating ang isang kilo ng kopra sa huling destinasyon nito, sa isang oil mill sa ibang bansa o sa Maynila, ito ay dumaan sa 2, 3 o marahil 4 na dayuhang kamay. Sa ganitong sitwasyon, mga dayuhan ang mga middleman sa panahong iyon. Ang mga middleman ay kumikita ng tatlo hanggang limang beses higit kaysa mga prodyuser. Ang pangangalakal ng kopra ng gobyerno, kahit na ito ay malugi, ay may benepisyo sana para sa mga magsasaka sapagkat binabawasan nito ang malaking kita ng mga middleman.]

Matingkad sa inamin ni Kalaw na tila hindi rin naman natupad ang mithiin ng NACOCO na mapaunlad ang nagsasariling industriya ng niyog sa Pilipinas dahil hindi naman ito nakawala sa kontrol ng mga dayuhan. Patuloy na umunlad ang industriya ng niyog ng bansa sa pandaigdigang merkado ngunit hindi naman nito naiahon sa kumunoy ng kahirapan ang mga magniniyog na Pilipino. Mga dayuhan pa rin ang tunay na nakinabang sa napakahalagang industriyang ito hanggang sa tuluyang buwagin ng gobyerno ang NACOCO.

Ang Matinding Pagluha ng mga Magniniyog sa Panahon ng Philippine Coconut Administration (PHILCOA)

Matinding dagok sa mga magniniyog sa hinaharap ang pagpasok ng taong 1954 dahil dito ganap na isasabatas ang legal na batayan sa pagpapataw ng coconut levy sa industriya. Nakapaloob ang probisyong ito sa batas na lumilikha sa Philippine Coconut Administration (PHILCOA), ang Batas Republika Blg. 1145 noong 1954 sa panahon ng administrasyong Ramon Magsaysay. Si Benjamin Salvosa ang

unang naitalagang Tagapangulo ng Lupon ng mga Administrador ng PHILCOA noong Agosto 16, 1954. Nakasaad sa batas ang magiging gampanin ng ahensiyang ito na ganito:

A corporation is hereby created which shall be known as the Philippine Coconut Administration, hereafter called the PHILCOA, which shall be organized within sixty days after the approval of this Act and shall be under the direct supervision of the Office of Economic Coordination. It shall have its main office in the city of Manila, and such branches and agencies within or outside the Philippines, as may be necessary for the proper conduct of its business. The PHILCOA shall have the following purposes and objectives: (a) To ensure the steady and orderly development of the coconut industry, and to stabilize and strengthen its position in the world markets; (b) To promote the effective merchandising of copra, coconut oil, coconut products and by-products in the domestic and foreign markets so that those who are engaged in the coconut industry will be placed on a basis of economic security; Provided, However, That the PHILCOA may not engage in trading in any form without the prior approval of the President of the Philippines, which approval may be given only after prior recommendation of the National Economic Council; (c) To improve the tenancy relations between coconut proprietors and tenants and the living conditions of laborers engaged in the coconut industry; and (d) To encourage the invention of useful machinery that will hasten the development of the coconut industry. [Ang korporasyong tatawaging Philippine Coconut Administration, o PHILCOA, ay oorganisahin sa loob ng animnapung araw matapos ang pag-apruba sa batas na ito. Ito ay ilalagay sa ilalim ng direktang superbisyon ng Office of Economic Coordination. Ito ay magkakaroon ng pangunahing tanggapan sa Lungsod ng Maynila, at mga sangay at ahensiya sa loob o labas ng Pilipinas sang-ayon sa pangangailangan para sa wastong pamamalakad ng korporasyong ito. Ang PHILCOA ay magkakaroon ng mga sumusunod na layunin at mithiin: (a) Tiyakin ang matatag at maayos na pag-unlad ng industriya ng niyog, at patatagin at palakasin ang posisyon nito sa pamilihing pandaigdig; (b) Paigtingin ang epektibong pangangalakal ng kopra, langis ng niyog, mga produkto ng niyog at iba pang mga produkto sa mga pamilihing domestiko at internasyonal upang ang mga kabilang sa industriya ng niyog ay magkaroon ng ekonomikong seguridad; Ngunit ang PHILCOA ay hindi maaaring makipagkalakalan sa anumang anyo nang walang pahintulot ng Pangulo ng Pilipinas, ang pahintulot ay maaaring ipagkaloob lamang matapos ang paunang rekomendasyon ng National Economic Council; (c) Pagbutihin ang ugnayan sa pagitan ng mga may-ari ng niyugan at mga tenant at ang kondisyon ng pamumuhay ng mga manggagawang kabilang sa industriya ng niyog; at (d) Paghikayat na makalikha ng mga kapaki-pakinabang na makinarya na magpapabilis sa pag-unlad ng industriya ng niyog.

Bagaman sinasabi sa batas na ang isa sa mga layunin ng PHILCOA ay, “To improve the tenancy relations between coconut proprietors and tenants and the living conditions of laborers engaged in the coconut industry, [Pagbutihin ang ugnayan sa pagitan ng mga may-ari ng niyugan at mga tenant at ang kondisyon ng pamumuhay ng mga manggagawang kabilang sa industriya ng niyog]” masisiyasat

sa datos na lumabas sa census noong 1960 sa panahon ng administrasyong Carlos Garcia at paglipas ng lampas limang taon matapos maitatag ang PHILCOA, halos wala ring nagbago sa kalagayan ng mga magniniyog sa bansa dahil nanatili na ang kabuuang porsiyento ng mga tenant noon ay hindi rin nagbago ang kalagayan at hindi rin nagkaroon ng sariling niyugan. Mapatutunayan ito sa pamamagitan ng datos ng census noong 1939, 1948, at 1960 na inilatag sa Talahanayan 5 at pinatibay pa ang resulta ng datos na ito kung babalikan ang ulat ni George Hicks hinggil sa kalagayan ng industriya ng niyog sa Pilipinas noong 1967. Nakasaad sa kaniyang ulat na,

“With respect to the institutional structure, very little change has occurred until 1960 because the tenure system remains practically the same with the full owners still controlling more than half of production and the remainder divided between the part-owners and tenants.” [Sa kabila ng istrukturang institusyonal, napakakaunting pagbabago ang naganap hanggang 1960 dahil ang sistema ng pagmamay-ari ay nananatiling halos pareho, kung saan ang pinakamay-ari ay nagkokontrol pa rin ng higit sa kalahati ng produksiyon at ang natitira ay nahahati sa pagitan ng mga kahati sa pagmamay-ari at mga tenant.]

Pinatitibay ng pahayag na ito ni Hicks ang datos mula sa census dahil umaakma ang diwa nito sa isa’t isa.

Talahanayan 5: Tenured Farm Operator by Number and Area of Coconut Farms
(kinuha sa *Census of Agriculture 1939, 1948, at 1960*)

Tenured Farm Operator	1939		1948		1960	
	No. %	Area %	No. %	Area %	No. %	Area %
Full Owners	61	62	68	68	56	59
Part Owners	17	12	12	8	18	15
Tenants	22	23	20	21	25	23
Others (Includes coconut farmer)	Less than 1 percent	3	Less than 1 percent	3	1	3

Makikita sa Talahanayan 5 na ang mga ganap na may-ari pa rin ng mga malalaking niyugan ang may kontrol sa lampas kalahati ng produksiyon ng niyog sa bansa. Dagdag pa ni Hicks sa kaniyang ulat, “It is obvious that the average size of coconut farm is not significantly correlated with the tenure system....the full owners own and cultivate more than half of the total coconut lands while the share of the tenants and part-owners are only approximately one-quarter and one-fifth, respectively. [“Malinaw na ang karaniwang sukat ng niyugan ay hindi gaanong konektado sa sistema ng pagmamay-ari... ang nagmamay-ari ay higit sa kalahati ng kabuuang niyugan ang napakikinabangan habang ang mga tenant at kahati sa pagmamay-ari ay halos isang-kapat at isang-kalima lamang ang napapakinabangan.]”

Kapuna-puna rin sa datos na umaabot lamang ng isang porsiyento o mas mababa pa ang tenured farm operator na mga manggagawa sa niyugan o ang mismong mga magniniyog sa bansa hanggang sa datos noong 1960. Sa ganitong sitwasyon ng mga karaniwang magniniyog sa Pilipinas noon, dagdag pa ang paparating na pasakit na idudulot ng coco levy at iba pang mga buwis na tuluy-tuloy na ipinapataw sa industriya ng niyog, lalong bumigat ang kalagayan ng mga magniniyog na halos sukdulang magpaluha sa kanila. Ganito nga ang naging kalagayan ng isa sa mga pinakamatandang magniniyog na aking nakapanayam mula sa Buenavista, Quezon na si Kang Santos, na anim na dekada nang naglulukad/nagkokopra sa niyugang pagmamay-ari ng isang makapangyarihang tao na buhat din sa Lalawigan ng Quezon. Ibinahagi niya sa amin ang kaniyang karanasan sa paglulukad mula noong 1969 at ipinahayag ang ganito:

Mula 1969, tenant na ngani kami sa lupang ito. Judge ang may-ari. Wari ko'y ang presyo ng lukad noong 1969, anim na sentimo. Yanong baba ng presyong 'yun noon. Dito sa Buenavista, kaming nagalukad ay nagahirap pa rin. Mababa pa rin naman ngay-on. Sisenta-kuwarenta pa rin ang partihan. Dahil hanggang ngay-on baya, tenant pa rin kami. Walang agahamigang sariling niyugan (personal na komunikasyon, Enero 14, 2019).

Malinaw sa sinabi ni Kang Santos na lumipas man ang mahabang panahon ay walang nangyaring pagbabago sa kalagayan niya bilang tenant sa isang niyugan sa Buenavista na pagmamay-ari ng isang hukom. At kung susundan ang datos na inihain sa unahan ay wala talagang nagiging pagbabago sa sitwasyon ng mga karaniwang magniniyog gaya ni Kang Santos na gumugol na ng mahabang panahon sa paglulukad sa isang malawak na niyugan ngunit kahit kakarampot na niyugan ay wala pa rin siyang pag-aari hanggang ngayon. Hindi naman siguro kakaibang kaso ang sitwasyong naranasan ni Kang Santos dahil halos ganito rin naman ang naging karanasan ng isa pa sa pinakamatandang maglulukad na nakapanayam ko, si Kang Bristol na mula sa San Narciso, Quezon. Mainam sigurong ilatag din ang naging karanasan niya:

Matagal na, mula 1965 pa baya ako nagalukad. Sa tanda kong are, ganun pa man din naman. Nangangamuhan pa din dito sa niyugan. Wala namang naitulong ang agrarian. Nagatiyaga na laang dini gawa ng inapayagan naman kami ng may-ari na magtirik ng bahay. Nakapagtirik man din ng bahay ang mga anak ko d'yan. Ay, kaysa naman mag-iskuwater sa Maynila. Dini na laang at nakakautang naman sa inagapatimbangan ng lukad kapag walang-wala (personal na komunikasyon, Abril 22, 2019).

Maaaring sa census pagkalipas ng 1960 ay hindi naman nadagdagan ang isang porsiyentong tinatawag na tenured farm operator na karaniwang magniniyog gaya ni Kang Bristol. Sa matagal kong pakikipagkuwentuhan sa kaniya, nabanggit niyang wala naman siyang natatandaang mga maglulukad na parang empleyado kung ituring ng mga may-ari ng niyugan na may regular na suweldo tuwing kinsenas at katapusan at may mga benepisyong natatanggap. Malabo raw na may ganitong

sistema sa lugar nila. Ayon pa sa kaniya, ang nakagawiang sistemang namamayani sa San Narciso ay ganoon pa rin hanggang ngayon, pagkatapos ng buong proseso ng paglulukad, 60-40 ang porsiyento ng hatian.

Isa pang suliranin na nababanggit ng mga magniniyog gaya ni Kang Bristol kaya nananatili silang nangangamuhan sa mga niyugan na matagal na nilang pinagsisilbihan ay ang tungkol sa mahinang repormang agraryo ng gobyerno kahit may umiiral na batas ukol dito sa panahong iyon. Kung gugunitain, taong 1963 naipatupad na ang Batas Republika Blg. 3844 (Agricultural Land Reform Code of the Philippines) ng administrasyong Diosdado Macapagal. Sa batas na ito nakasaad ang layuning, “abolished tenancy and established a leasehold system in which farmers paid fixed rentals to landlords, rather than a percentage of harvest. [“pagbabawal sa pangangamuhan at pagtatatag ng sistema sa pagpapaupa, kung saan ang mga magsasaka ay nagbabayad ng nakatakdang renta sa mga may-ari ng lupa, sa halip na porsiyento ng ani.” Ngunit kahit malinaw na nakasaad sa batas na ito ang pagtatanggal sa tinatawag na pangangamuhan o “tenancy” at pagtatatag ng sistema ng pag-upa sa mga agrikultural na lupain sa halip na porsiyento sa kita (sa kaso ng mga magniniyog ay ang sistemang 60-40 porsiyentong hatian sa lukad/kopra), hindi ito tuluyang naisakatuparan lalo na sa mga malalawak na niyugan sa Bondoc Peninsula. Dagdag pa, bagaman maganda ang layunin ng batas, hindi pangkalahatan ang epekto nito dahil hindi maaaring mapunta sa mga magniniyog ang mga plantasyon ng niyog dahil umano sa “international commitment” ng Pilipinas na magluwas ng mga produktong mula sa niyog sa Estados Unidos, ayon sa quota na pinagtibay sa kasunduang Laurel-Langley (Rowena R. Boquiren, Atoy M. Navarro at Edgar B. Rosero, ADHIKA 2001, 162-163). Sa isang pananaliksik na isinagawa ni Jennifer C. Franco (2003, 45) tinalunton niya kung bakit naging mahina ang pagpapatupad ng repormang agraryo sa Bondoc Peninsula. Matapang niyang ibinulgar sa kaniyang pananaliksik na: “Before 1996, not a single hectare was included in the agrarian reform program because of the landowner’s “fearsome reputation”. Out of fear, no tenant in Bondoc Peninsula wanted to apply for agrarian reform coverage. Tightly guarded, the lands are hard to penetrate. [Bago ang 1996, wala kahit isang ektarya ang naisama sa programa ng repormang agraryo dahil sa “nakakatakot na reputasyon” ng mga may-ari ng lupa. Sa takot, walang tenant sa Bondoc Peninsula ang naghain ng aplikasyon para sa masaklaw ng repormang agraryo. Mahigpit na binabantayan, mahirap pasukin ang mga lupaing ito.]”

Sa ganitong kalagayan, mas pinipili na lamang ng maraming magniniyog sa Bondoc Peninsula ang manahimik at pairalin ang “pakikisama” sa mga may-ari ng mga niyugan upang hindi na maging magulo at hindi na lumaki ang usapin sa niyugan. Ganito nga ang naobserbahan ni Franco sa mga magniniyog sa Bondoc Peninsula nang makisalamuha siya at magtanong sa mga magniniyog hinggil sa repormang agraryo sa mga niyugan. Ayon kay Franco (2011, 44) “In the end, many people believe that rather than making further trouble, it is best not to complain... not to apply for agrarian reform coverage. [“Sa huli, maraming tao ang naniniwala

na sa halip na magdulot pa ng gulo, mas mabuting huwag na lang magreklamo... huwag na lang maghain ng aplikasyon para sa masaklaw ng repormang agraryo.”

Pagpasok ng 1971, dito na sukdulang luluha ang mga magniniyog dahil maisasabatas na ang Coconut Investment Act o Batas Republika Blg. 6260 na puspusang isinulong ng Philippine Coconut Producers Federation o COCOFED. Sa bisa ng Batas Republika Blg. 6260, naitatag ang Coconut Investment Fund na magpapataw ng 55 sentimo sa bawat 100 kilo ng kopra na binibili ng mga negosyante (buyer at dealer) mula sa mga magniniyog. Malinaw na nakasaad sa batas na,

“There shall be levied on the coconut farmer a sum equivalent to fifty-five centavos (P0.55) on the first domestic sale of every one hundred kilograms of copra, or its equivalent in terms of other coconut products, for which he shall be issued a receipt which shall be converted into shares of stock of the Company upon its incorporation as a private entity in accordance with Section seven hereof.” [“Magkakaroon ng buwis na katumbas ng limampu’t limang sentimos (P0.55) sa unang pagbebenta ng bawat isang daang kilo ng kopra, o ang katumbas nito sa iba pang produkto ng niyog, na kung saan ay magbibigyan siya ng katibayan na may bahagi siya sa stock ng kumpanya bilang isang pribadong entidad ayon sa Seksiyon pito nito.]”

Ang batas daw na ito ang ikalawang hakbang sa pagtatayo ng monopolyo sa industriya ng niyog kasunod ng unang hakbang na pagtatayo ng organisasyon na ipakikilala diumano bilang isang organisasyon ng mga manginiyog, ito ang COCOFED (Clemen Aquino 1998, 92).

Ang Nananatiling Pangunguna ng Pilipinas sa Pag-eksport ng mga Produktong mula sa Niyog

Nananatiling matayog kung titingnan ang sitwasyon ng Pilipinas pagdating sa produksiyon at pag-eksport ng mga produktong mula sa niyog. Sa datos noong 1965 at 1966, malaki ang agwat ng Pilipinas sa ibang bansa na pangunahing prodyuser at eksporter ng mga produktong mula sa niyog noong 1964. Malayo na ang inilamang ng Pilipinas sa Indonesia na sa bungad ng 1920 ay siyang nangungunang prodyuser at eksporter ng mga produktong mula sa niyog sa buong mundo. Taong 1964 naitala na 52 porsiyento ng kopra at 50 porsiyento ng coconut oil sa buong mundo ang nanggaling sa Pilipinas. Malaki rin ang pagganap ng Pilipinas sa pag-eksport ng copra meal/cake at desiccated coconut sa buong mundo, na halos nagmumula rin ang malaking porsiyento sa ating bansa. Makikita sa Talahanayan 6 ang pinagsamang datos ng produksiyon at eksport na nagpapakita kung gaano karami ang naprodyus na kopra at naieksport na kopra, coconut oil, copra meal/cake at desiccated coconut noong 1964 mula sa inilabas na ulat ng Food and Agriculture Organization (FAO) of the United Nations noong 1965 (production) at 1966 (export):

**Talahanayan 6: Production and Export of Coconut Products
by the Principal Coconut Producing Countries**
(kinuha sa *Coconut Situation Nos. 14 and 15* ng Food and Agriculture Organization
of the United Nations (FAO-UN), Nobyembre 1965 at Mayo 1966)

COUNTRIES	PRODUCTION		EXPORTS		
	Year 1964		Year 1964		
	Copra (In thousand metric tons)	Copra (In thousand metric tons)	Coconut Oil (In thousand metric tons)	Copra Meal/ Cake (In thousand metric tons)	Desiccated Coconut (In thousand metric tons)
Philippines	1,428.4	856.3	233.1	191.8	68.6
Indonesia	572.7	170.0	---	110.0	---
Ceylon	315.0	59.0	119.4	18.0	50.6
India	264.0	---	---	25.6	---
Malaysia	1,160.0	6.0	21.6	0.1	---
New Guinea	91.3	61.6	25.0	14.2	---
Mozambique	55.0	43.8	8.4	5.6	---
World Total	3,886.4	1,196.7	407.5	365.3	119.2

Sa kabila ng magandang kalagayan ng eksport ng mga produktong mula sa niyog, nakatatawag-pansin na tila hindi pa rin tumatagos ang pagyabong ng kita sa industriya sa pagpapabuti ng estado ng pamumuhay ng mga magniniyog sa bansa. Pagsapit kasi sa panahong ito, wala rin namang nabago sa mga kumokontrol ng eksport ng mga produktong mula sa niyog. Mga dayuhan pa rin ang nagmamaniobra ng eksport, hindi mga Pilipino. Kahit ang mga taong 1954 hanggang 1970 ay saklaw na ng pangatlong Republika ng Pilipinas at apat na Pilipinong pangulo (Magsaysay, Garcia, Macapagal, Marcos) na ang namuno sa bansa sa mga panahong ito, mapapansing hindi mga Pilipino kundi dayuhan pa rin ang mga may-ari ng mga malalaking miller at eksporter ng kopra, coconut oil, copra meal/cake at desiccated coconut sa ating bansa. Pansinin ang Talahanayan 7 na mula sa datos ng PHILCOA noong 1965:

Talahanayan 7: Coconut Oil Millers and Exporters by Nationality and Volume of Exports
(kinuha sa PHILCOA Standards Department (1965))

Name of Firms	Nationality	Location	Quantity Exported (long tons)	Value of Exports (F.O.B. – US Dollars)	Percent of Total Volume Exported
Lu Do & Lu Ym Corp.	Chinese	Cebu City	104,583	31,003,430	44.0
Legaspi Oil Co., Inc.	American	Legaspi City	58,895	17,248,111	24.8
Imperial Vegetable Oil Co.	Chinese	Manila City	21,696	6,461,015	9.1
Wee Kun Coprax Industry Co. Inc.	Chinese	Zamboanga City	16,859	5,083,694	7.1

Philippine Refining Co., Inc.	English	Manila City	11, 720	3,358,970	4.9
San Pablo Oil Mfg. Co.	Filipino	San Pablo City	10,807	2,975,131	4.5
Unifood Mfgs., Inc.	Filipino	San Pablo City	9,445	2,865,646	4.0
Batjak, Inc.	American	Davao City	1,500	475,884	0.6
Procter & Gamble Phils.	American	Manila City	1,156	324,033	0.5
Lucena Oil Factory	Chinese	Lucena City	940	266,698	0.4

Makikita sa Talahanayan 7 na nananatiling mga dayuhan pa rin ang nangungunang miller at eksporter ng mga produktong mula sa niyog. Sa datos na ito noong 1965, naungusan lamang ng mga Tsino ang mga Amerikano bilang miller at eksporter. Ngunit nariyan pa rin sa listahan ang mga nangungunang kompanya sa panahong sakop pa ng mga Amerikano ang bansa, gaya ng Legaspi Oil Co., Inc. at Procter & Gamble Philippines. At ang dapat lalong mapansin sa Talahanayan 8 sa ibaba ay ang pagdomina ng kompanya ng mga Tsino bilang miller at eksporter ng mga produktong mula sa niyog. Kahit pa ang dalawang kompanyang pagmamay-ari ng mga Pilipino na nakabase sa Lungsod ng San Pablo ay nasa pang-anim at pampito, bakit hindi lubusang napasakamay ang pag-eeksport ng mga produktong mula sa niyog ng mga kompanya na ang nagmamay-ari ay mga Pilipino?

Ang Gampaning Pampananaliksik ng Philippine Coconut Research Institute (PHILCORIN) bilang Tugon sa Pangangailangan at Suliranin sa Industriya ng Niyog

Itinatag ang Philippine Coconut Research Institute (PHILCORIN) noong 1964 sa pamamagitan ng Batas Republika 4059 sa panahon ng administrasyong Diosdado Macapagal, 10 taon makaraang maitatag ang PHILCOA. Sinasabing dahil sa dami ng mga ahensiyang nananaliksik na may kinalaman sa niyog, nilikha raw ang institusyong ito upang pag-isahin ang mga ahensiyang iyon at mabawasan ang duplikasyon sa mga isinasagawang pananaliksik hinggil sa niyog. Nilikha ang institusyong ito upang matutukan ang mga pananaliksik na praktikal na tumutugon sa pangangailangan at suliranin ng industriya ng niyog at hindi maging paulit-ulit ang mga pananaliksik na dati nang naisagawa. Dahil dito, ang mga sumusunod ang naging pangunahing gampanin at layunin ng PHILCORIN:

The PHILCORIN shall have the following purposes and objectives: (a) To conduct scientific researches and investigations on: (1) the botanical and genetical aspects of coconut improvement; (2) the agronomical problems relating to coconut culture; (3) the etiology and control of "kadang-kadang" and other diseases of coconut; and (4) the biology and control of important insect pests of coconut; (b) To compile scientific information and disseminate results of scientific and technological researches on coconut; and (c) To train people for the development of the coconut industry.[Ang PHILCORIN ay magkakaroon ng mga sumusunod na gampanin at layunin: (a) Magsagawa ng mga siyentipikong pananaliksik at pag-aaral sa:

(1) mga aspekto ng botaniya at henetika sa pagpapaunlad ng niyog; (2) mga problemang agronomiko na may kaugnayan sa kultura ng niyog; (3) etiyolohiya at kontrol ng “kadang-kadang” at iba pang sakit ng niyog; at (4) biyolohiya at kontrol ng mga mahahalagang insekto na peste ng niyog; (b) Magtipon ng siyentipikong impormasyon at ipamahagi ang mga resulta ng siyentipiko at teknolohikal na pananaliksik sa niyog; at (c) Magbigay ng pagsasanay sa mga tao para sa pagpapaunlad ng industriya ng niyog.]

Makikita rin sa batas na lumikha sa PHILCORIN ang masaklaw na lupon na bumubuo sa institusyong ito na kinabibilangan ng Tagapangulo ng National Science Development Board (NSDB), Tagapangulo ng Philippine Coconut Administration (PHILCOA), Dekano ng UP College of Agriculture, Direktor ng Bureau of Plant Industry (BPI), isang kinikilalang siyentista na itatalaga ng Tagapangulo ng NSDB, dalawang kinatawan na magniniyog, isang kinatawan na mula sa nagpoproseso ng niyog, at isang kinatawan mula sa eksporter ng niyog. Makikita nating may inilaang dalawang kinatawan na magbubuhay mismo sa magniniyog. Kaya inaasahan na may boses ang mga magniniyog sa mga ilalagat na proyektong pampananaliksik ng PHILCORIN. Napakalinaw rin ng kapangyarihan ng institusyong ito, gaya ng mga sumusunod:

The PHILCORIN is authorized and directed: (a) To establish or help establish, maintain, and operate one central research center and such other research centers and sub-stations in any part of the Philippines as may be deemed necessary; (b) To procure materials, supplies, and equipment as may be necessary to prosecute successfully its researches and experimental works; (c) To conduct scientific and technological seminars, conventions and conferences of coconut researches or send delegates and observers to such conferences and conventions; (d) To solicit, receive and award grants, bequests and donations given for the purpose of aiding scientific and technological research and investigation on coconut to government and private institutions; and (e) To secure patent rights to its inventions and discoveries and to exploit the same. [Ang PHILCORIN ay awtorisado at inuutusang: (a) Itatag o tulungan ang pagtatatag, pagpapanatili, at pagpapatakbo ng isang sentro ng pananaliksik at anumang iba pang mga sentro ng pananaliksik at tanggapan sa anumang bahagi ng Pilipinas na kinakailangan; (b) Bumili ng materyales at kagamitang kakailanganin upang matagumpay na maisagawa ang mga pananaliksik at gawaing eksperimental nito; (c) Magsagawa ng mga siyentipiko at teknolohikal na seminar, kumperensiya at pagpupulong ng mga mananaliksik sa niyog o magpadala ng mga delegado at kinatawan sa gayong mga kumperensiya at pagpupulong; (d) Humingi, tumanggap at magbigay ng mga tulong, suporta at donasyon para sa layuning makatulong sa siyentipiko at teknolohikal na pananaliksik at pag-aaral sa niyog sa mga pampubliko at pribadong institusyon; at (e) Maseguro ang karapatan sa patent sa mga nalikha at natuklasan at magamit ang mga ito.]

Hindi pagtutuunan ng pansin ng mga nagsusulat tungkol sa industriya ng niyog na mahalaga ang nagampanan ng PHILCORIN bilang institusyong nagbuklod ng mga mananaliksik hinggil sa niyog at ginawang sistematiko ang representasyon

ng bubuo at gagawa ng mga pananaliksik at mga programang pampananaliksik sa ilalim ng institusyong ito. Nagsama-sama ang mga kinatawan ng ahensiya ng pamahalaan, akademya, siyentista, magniniyog, negosyante, at eksporter kaya naging mahalaga ang institusyong ito. Nang maitatag ang PHILCORIN, kahit limitado pa ang badyet ng institusyon, isa sa mga natatanging nagawa nila ay ang proyektong hinggil sa Coconut Research and Development katuwang ang FAO ng United Nations Development Programme (UNDP). Ang pangmatagalang layunin daw ng proyektong ito ay magabayan at mapalakas ang mga gawaing pampananaliksik hinggil sa niyog at maalalayan ang pamahalaan sa pagbuo at pagpapatupad ng pambansang programa na naglalayong mapaunlad ang produksiyon at pagpoproseso ng niyog sa bansa. Dahil na rin sa mga pinalawig pang proyektong pampananaliksik ng FAO-UNDP at PHILCORIN, bukod sa pag-upa sa lupa ng BPI sa Bago Oshiro, Lungsod ng Davao mula 1967 para maging isa sa mga Research Center ng PHILCORIN sa parteng Mindanao, bumili rin ng 500 ektaryang lupain sa San Ramon, Lungsod ng Zamboanga noong 1972 sa pamamagitan ng Proklamasyon Blg. 1025 sa panahon ng administrasyong Ferdinand Marcos, Sr. para madagdagan ang Research Center ng PHILCORIN sa Mindanao (Severino Magat 1992, 1). Nagkaroon ang PHILCORIN ng mga Research Center sa Lungsod ng Davao at Lungsod ng Zamboanga. Kaya hindi kataka-taka ang paglawak ng mga lupaing naging niyugan sa Mindanao dahil sa tulong ng PHILCORIN na naglatag ng mga pananaliksik kung paano pa mapapaunlad ang produksiyon ng niyog sa bansa. Isang halimbawa rito ang paglawak ng niyugan sa Davao dahil sa 1960 Census of Agriculture ng National Census and Statistics Office (NCSO), 6.36 porsyento lamang ang niyugan sa kabuuang ng lupain ng Davao samantalang sa 1971 census ng NCSO ay naging 37.3 porsyento na ito.

Malaki pa sana ang magagampanan ng PHILCORIN sa pagsasagawa ng mga pananaliksik at paglalatag ng mga programang pampananaliksik kung tuluy-tuloy na nanatili ito. Subalit, binuwag ito taong 1973 kasama ang PHILCOA at Coconut Coordinating Council, at isinama ang gampanin at kapangyarihan ng institusyong ito sa nilikhang Philippine Coconut Authority (PCA). Sa ilalim ng PCA, nagkaroon ng Research and Development Branch na sumalo sa gampanin at kapangyarihan ng PHILCORIN, ngunit ang komposisyon ng mga tao na bumubuo rito ay hindi na gaya sa komposisyon ng dating PHILCORIN.

Ang Paglikha ng Coconut Coordinating Council (CCC) bilang Katuwang sa Pagsasagawa ng mga Programa Hinggil sa Pagpapaunlad ng Produksiyon, Pagpoproseso, at Pagbebenta ng Niyog

Taong 1971, lilikhain ang Coconut Coordinating Council (CCC) sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 334 sa panahon ng administrasyong Ferdinand Marcos, Sr. Binubuo ang konsehong ito ng Kalihim ng Department of Agriculture and Natural Resources bilang Tagapangulo, General Manager

ng PHILCOA bilang Katuwang na Tagapangulo, at ang mga miyembro ay ang Direktor ng Bureau of Plant Industry, Direktor ng PHILCORIN, Komisyoner ng Agricultural Productivity Commission (APC), General Manager ng Coconut Investment Company, at Presidente ng UCAP. Pagsapit ng 1972, sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 380 ng administrasyong Marcos, Sr., idinagdag na mga miyembro sa konsehong ito ang Presidente ng Philippine Federation of Coconut Producers (COCOFED), Tagapangulo ng Komite sa Agrikultura ng Kongreso, at Tagapangulo ng Komite sa Agrikultura sa Senado.

Malaki ang naiatang na gampanin sa konsehong ito dahil sila ang pangunahing mangangasiwa, susubaybay at susuri sa implementasyon ng mga programa ng gobyerno hinggil sa niyog. Sila rin ang maglalatag ng pangmatagalan at panandaliang mga plano at programa katuwang ang PHILCOA upang matamo ang pagtatagumpay ng industriya ng niyog sa bansa. Bukod pa sa mga nabanggit, dagdag pa sa gampanin ng konseho ang mga sumusunod:

(1) Supervise, coordinate, and integrate all policies and programs of all agencies and instrumentalities of the government charged with the prosecution of existing laws, policies, procedures, rules and regulations concerning production, stabilization, procurement and distribution, processing and marketing of coconut and other by-products. (2) Coordinate and evaluate the activities and accomplishments of all agencies of the government charged with the prosecution of the different aspects of the coconut industry. Accordingly, it shall coordinate the release of the public funds in accordance with approved programs and projects in the coconut industry; and shall release to the public such information and statistics pertinent to the progress and accomplishments of the different aspects of the national program. [(1) Pangasiwaan, ikoordineyt, at maisangkot ang lahat sa patakaran at programa ng lahat ng ahensiya ng gobyerno na may tungkulin sa pagpapatupad ng umiiral na mga batas, patakaran, pamamaraan, alituntunin at regulasyon ukol sa produksiyon, pagbili, pamamahagi, pagpoproseso at pagbebenta ng niyog at iba pang mga produktong mula sa niyog. (2) Makipag-ugnayan at suriin ang mga gawain at tagumpay ng lahat ng ahensiya ng gobyerno na may kinalaman sa iba't ibang aspekto ng industriya ng niyog. Dagdag pa, ito ay mangangasiwa sa pondo ayon sa mga aprubadong programa at proyekto sa industriya ng niyog; at maglalabas sa publiko ng mga impormasyon at estadistika na may kinalaman sa estado at tagumpay ng iba't ibang aspekto ng pambansang programa.

May tala na nagsagawa ng programa ang CCC tungkol sa pagpapaunlad ng produksiyon, pagpoproseso at pagbebenta ng niyog mula nang maitatag ito noong 1971. Pinangunahan din nila ang pagpapadala ng mga technician at grupo ng mananaliksik na tutulong sa mga magniniyog para magabayan sila sa paggamit ng siyentipikong pamamaraan sa pagtatanim ng binhi ng niyog na tinatawag na sistemang “polybag”. Naisagawa rin ng CCC ang planong paglalagay ng 2,400 propagation nurseries o lugar-pabinhian sa 600 munisipalidad sa bansa. Tulad ng PHILCORIN, nakatulong din ang CCC sa pagtatamo ng layuning mapaunlad ang

industriya ng niyog sa mga panahong ito. Subalit halos tatlong taon lamang ang itinagal ng CCC dahil kasama itong binuwag kasabay ng PHILCOA at PHILCORIN nang maitatag ang Philippine Coconut Authority (PCA) noong 1973.

Kongklusyon

Malinaw na ang pinagsikapang maunawaan sa pagsasagawa ng ganitong pag-aaral ay ang naging kalagayan ng industriya ng niyog at mga magniniyog sa Pilipinas mula sa mga naratibong pangkasaysayang siniyasat patungkol sa naging gampanin ng NACOCO, PHILCOA, PHILCORIN, at CCC sa industriya ng niyog sa Pilipinas. Ang pagbabalik-tanaw sa apat na ahensiya ay naging tuntungan upang magkaroon ng pinakamainam na solusyon para sa pagpapabuti ng sitwasyon ng industriya ng niyog sa hinaharap. Ang mga nasa sektor ng pagniniyog na patuloy pa ring naghihirap ang pinakasentro ng pagsisiyasat sa pagsasakasaysayang ito. Mula sa mga nadukal na ideya at kaalamang bunga ng paggunita sa apat na ahensiya na may kaugnayan sa industriya ng niyog, maimumungkahi ngayon na makabubuting sa halip na pagtuunan lang nang husto ang lagay ng industriya ng niyog sa pandaigdigang merkado, mainam na sabay ring tutukan ang kalagayan ng mga magniniyog at masolusyunan ang ugat ng kanilang paghihirap. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagtutok sa mga aspektong nauukol sa pagpapaunlad ng industriya ng niyog na may kaugnayan sa panlipunang identidad, paglikha ng polisiya, at pagpapaunlad pangkomunidad. Binibiyang-diin ng mga aspektong ito ang kahalagahan ng mga sumusunod:

- a. repormang agraryo at wastong pagpapatupad nito
- b. paglalagat ng akmang polisiya at batas para maibalik sa mga magniniyog ang pondong mula sa coco levy sa pamamagitan ng pagtatatag ng coconut farmers trust fund
- c. pagpapatupad ng malawakan at integratibong polisiya at plano para sa sapat na tulong pinansiyal, benepisyo, kaukulang serbisyo, at insentibo para sa mga magniniyog
- d. pagkilala sa mga lehitimong organisasyong pangmagniniyog sa bansa na makatutulong sa pagbuo ng mga makabuluhang polisiya at programa sa pagniniyog
- e. pagpapalakas ng programang pampananaliksik hinggil sa niyog na kabibilangan mismo ng mga lehitimong magniniyog at mga mananaliksik hinggil sa niyog
- f. mabilisan at sistematikong pagtugon sa mga suliraning hinggil sa industriya ng niyog gaya ng mga sumusunod: pesteng dumadapo sa niyog, kakulangan sa kagamitan sa pagniniyog, kakulangan ng mga imprastrukturang teknolohikal na kailangan ng industriya, epekto ng pananalanta ng bagyo,

pagtanda o paggulang ng mga puno niyog at mga magniniyog sa bansa, at laganap na kumbersiyon ng niyugan patungong komersiyal na lugar.

Bukod pa sa mga nabanggit na mga aspektong nauukol sa pagpapaunlad ng industriya ng niyog, mula sa diwang umusbong sa pag-aaral na ito, kailangan ang pagsusulong ng pangkalinangang interbensiyon gaya ng pagtatampok sa sariling kultura ng pagniniyog sa bansa upang mabalikan at magunita ang gampanin at halagahing panlipunan ng niyog na magagamit nang husto sa pagpapaunlad ng komunidad ng mga magniniyog sa ating bansa. Higit na kakailanganin ang paggunita at pagsandig sa mga taal na kalinangang patungkol sa niyog upang maging salalayan at armas sa pagsabak sa modernisasyon ng industriya ng niyog, sa gayon hindi ito madaling maigupo ng mga pandaigdigang patakarang hatid ng globalisasyon. Kung may kailangang igupo, ito ay ang produksiyong nababakuran ng politikal na kontrol kaya nasasadlak sa desperadong ekonomikong sitwasyon ang mga magniniyog sa Pilipinas. Higit sa lahat, mula sa karanasan sa pagkakaroon ng NACOCO, PHILCOA, PHILCORIN, at CCC, kailangan ang makabuluhan at sistematikong reporma na nakasentro sa kapakanan ng mga magniniyog sa mga ahensiya ng gobyernong nakasasaklaw sa industriya ng niyog gaya sa PCA sa kasalukuyan. Ito ang mga mungkahi na kung maisasakatuparan ay magiging posible ang maginhawang buhay na inihahatid ng puno ng buhay, lalo na sa mga magniniyog ng Pilipinas.

Talahuli

1. Nabanggit ito sa balita na nailathala sa pahayagang *Manila Standard* na isinulat ni Othel V. Campos: *Coconut Exports Hit \$2.27-billion in 2017*. 17 Mayo 2018. <http://manilastandard.net/business/csr-mining/265861/coconut-exports-hit-2-27-billion-in-2017.html>. Binanggit din sa balitang ito na ang pinagmulan ng datos hinggil sa kabuuang nailuwas ng industriya ng niyog noong 2017 at 2016 ay ang United Coconut Association of the Philippines (UCAP).
2. Department of Agriculture and Commerce, Commonwealth of the Philippines, *The Coconut Industry in the Philippines* (Manila: Bureau of Printing, 1939), p. 4.
3. *Ibid.*, pp. 4-5.
4. Census of Agriculture, *Land Area Planted by Major Coconut Producing Provinces of the Country* (Bureau of the Census and Statistics, 1939 and 1948).
5. Department of Agriculture and Commerce, *op. cit.*, p. 4.
6. National Assembly of the Philippines, *An Act to Establish the National Coconut Corporation* (Commonwealth Act No. 518, May 7, 1940).
7. “[T]he industry is still considered an “orphan” in the country’s agriculture due to poor investments.” Nabanggit ito sa artikulo nina Monica B. Castillo and Princess Alma B. Ani, *The Philippine Coconut Industry: Status, Policies and Strategic Directions for Development* na nakuha sa http://ap.ftc.agnet.org/ap_db.php?id=969&print=1.
8. Ang mga detalye nito ay mula sa US Congress, Senate Committee on Finance, *Tariff Treatment of Copra, Palm Nuts, and Palm Nut Kernels, and the Oils Crushed Therefrom* prepared by Chairman Rusell B. Long, Report No. 1009, Calendar No. 983, 89th Congress, 2nd Session, 1966; US Tariff Commission, *Fats, Oils, and Oil-Bearing Materials in the United States* (Washington: US Government Printing Office, December 15, 1941); US Tariff Commission, *Report to the Congress on Certain*

Vegetable Oil, Whole Oil, and Copra, Report No. 41, 2nd Series (Washington: US Government Printing Office, 1932); US Tariff Commission, *US-Philippine Trade with Special Reference to the Philippine Independence Act and Other Recent Legislation* (Washington: US Government Printing Office, January 1937); at US Tariff Commission, *Tariff Schedules of the US* (Washington: US Government Printing Office, 1963 and 1965). Nakatulong din bilang sanggunian ang mga ulat ng Philippine Coconut Administration (PHILCOA), Economic Research Department, *US Excise Tax on Coconut Oil*, 1962 at *Discriminatory Tariffs on Coconut Oil Trade Barriers*, 1966. Naging reperensiya rin ang Amelita R. Mutuc, *The Philippine-American Coconut Oil Trade Problem (In connection with the Philippine Request for the Removal of the US Duty and Processing Tax on Coconut Oil)* Manila: June 20, 1964.

9. Philippine Coconut Administration (PHILCOA), Standards Department, *Exporters of Desiccated Coconut, Copra Meal and Cake, Copra at Coconut Oil by Nationality and Volume of Experts*, 1965.
10. Census of Agriculture, *Tenured Farm Operator by Number and Area of Coconut Farms* (Bureau of the Census and Statistics, 1939 and 1960).
11. *Ibid.*, 1948.
12. Congress of the Philippines, *An Act Creating the Philippine Coconut Administration, Prescribing its Powers, Functions and Duties, and Providing for the Raising of the Necessary Funds for its Operation* (Republic Act No. 1145, June 17, 1954).
13. *Ibid.*
14. Mula ito sa aking pakikipanayam/pakikipagkuwentuhan kay Kang Santos (maglulukad sa bayan ng Buenavista, Lalawigan ng Quezon) noong Enero 14, 2019. Sa *consent form* na pinasagutan sa kaniya, hindi siya pumayag na ipalagay ang totoo niyang pangalan kapag sisipiin siya sa pananaliksik na ito para na rin sa kaniyang kaligtasan.
15. Mula ito sa aking pakikipanayam/pakikipagkuwentuhan kay Kang Bristol (maglulukad sa bayan ng San Narciso, Lalawigan ng Quezon) noong Abril 22, 2019. Sa *consent form* na pinasagutan sa kaniya, gaya ni Kang Santos, hindi siya pumayag na ipalagay ang totoo niyang pangalan kapag sisipiin siya sa pananaliksik na ito para na rin sa kaniyang kaligtasan.
16. Makikita ang kopya nito sa Official Gazette: Official Journal of Republic of the Philippines, *An Act to Ordain the Agricultural Land Reform Code and to Institute Land Reforms in the Philippines, Including the Abolition of Tenancy and the Channeling of Capital Into Industry, Provide for the Necessary Implementing Agencies, Appropriate Funds Therefor and for Other Purposes* (Republic Act 3844, August 8, 1963).
17. Congress of the Philippines, *An Act Establishing the Philippine Coconut Research Institute, Defining its Objectives, Powers and Functions, Authorizing the Appropriation of Funds Therefor, and for Other Purposes* (Republic Act No. 4059, June 18, 1964).
18. *Ibid.*
19. *Ibid.*
20. Si Magat ang dating Research Manager ng Agricultural Research Management Department ng Philippine Coconut Authority (PCA) na ngayon ay Research and Development Branch na nasa ilalim pa rin ng PCA.
21. Makikita ang kopya nito sa Official Gazette: Official Journal of Republic of the Philippines, *Creating the Coconut Coordinating Council* (Executive Order No. 334, August 30, 1971).
22. Makikita ang kopya nito sa Official Gazette: Official Journal of Republic of the Philippines, *Reconstituting the Coconut Coordinating Council Created Under Executive Order No. 334 Dated August 30, 1971* (Executive Order No. 380, March 1, 1972).

23. Mababasa ang detalyeng ito sa Official Gazette: Official Journal of Republic of the Philippines, *Creating the Coconut Coordinating Council* (Executive Order No. 334, August 30, 1971).
24. National Science Development Board (NSDB) and United States Agency for International Development (USAID), *Planning for Agricultural Development: A Review of Literature, Agricultural Diversification and Markets in the Philippines (Project ADAM)*, 1973, p. 24.
25. *Ibid.*
26. *Ibid.*

Mga Sanggunian

- Aquino, Clemen C. 1998. *Mga Panlipunang Salik sa Pagpapaunlad ng Industriya ng Niyog sa Bansa*. Lungsod ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Office of Research Coordination.
- Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (ADHIKA). 2001. *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*. Lungsod ng Quezon: Pambansang Komisyon Pangkasaysayan ng Pilipinas.
- Bently, Michael. 1999. *Modern Historiography: An Introduction*. London and New York: Routledge.
- Bureau of the Census and Statistics. 1939. *Census of Agriculture, Land Area Planted by Major Coconut Producing Provinces of the Country*.
- Bureau of the Census and Statistics. 1939. *Census of Agriculture, Tenured Farm Operator by Number and Area of Coconut Farms*.
- Bureau of the Census and Statistics. 1948. *Census of Agriculture, Land Area Planted by Major Coconut Producing Provinces of the Country*.
- Bureau of the Census and Statistics. 1960. *Census of Agriculture, Tenured Farm Operator by Number and Area of Coconut Farms*.
- Campos, Othel V. 2018. "Coconut Exports Hit \$2.27-billion in 2017." *Manila Standard*, Mayo 17, 2018. <http://manilastandard.net/business/csr-mining/265861/coconut-exports-hit-2-27-billion-in-2017.html>.
- Castillo, Monica B., at Princess Alma B. Ani. 2019. *The Philippine Coconut Industry: Status, Policies and Strategic Directions for Development*. http://ap.ffc.agnet.org/ap_db.php?id=969&print=1.
- Congress of the Philippines. 1954. *Republic Act No. 1145 (An Act Creating the Philippine Coconut Administration, Prescribing its Powers, Functions and Duties, and Providing for the Raising of the Necessary Funds for its Operation)*.
- Congress of the Philippines. 1964. *Republic Act No. 4059 (An Act Establishing the Philippine Coconut Research Institute, Defining its Objectives, Powers and Functions, Authorizing the Appropriation of Funds Therefor, and for Other Purposes)*.
- Cooke, F. C. 1940. *Report on a Visit to the Philippine Islands for the Purpose of Studying the Conditions of the Coconut Industry*. Kuala Lumpur: Department of Agriculture, Straits Settlements and Federated Malay States.
- Department of Agriculture and Commerce of the Commonwealth of the Philippines. 1939. *The Coconut Industry in the Philippines*. Lungsod ng Maynila: Bureau of Printing.
- Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO-UN). 1965. *Coconut Situation No. 14*.
- Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO-UN). 1966. *Coconut Situation No. 15*.
- Franco, Jennifer C. 2003. *On Just Grounds: The New Struggle for Land and Democracy in the Bondoc*

Peninsula. Lungsod ng Quezon: Institute for Popular Democracy and Amsterdam: Transnational Institute.

Franco, Jennifer C. 2011. *Bound by Law: Filipino Rural Poor and the Search for Justice in a Plural-Legal Landscape*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Hicks, George L. 1967. *The Philippine Coconut Industry: Growth and Change*. Washington D.C.: National Planning Association.

Kalaw, Maximo M. 1948. *The Coconut Industry and the NACOCO*. Lungsod ng Maynila: National Coconut Corporation.

Macisaac, Steve. 2002. "The Struggle for Economic Development in the Philippine Commonwealth, 1935-1940." *Philippine Studies* 50, no. 2: 141-167.

Magat, Severino S. 1992. "Coconut Agricultural Research in the Philippines: Its History, Technological Advances and Future Targets." *Coconut Research and Development Journal* 8, no. 1: 1-7. <https://doi.org/10.37833/cord.v8i01.254>

National Assembly of the Philippines. 1940. *Commonwealth Act No. 518 (An Act to Establish the National Coconut Corporation)*.

National Science Development Board (NSDB), at United States Agency for International Development (USAID). 1973. *Planning for Agricultural Development: A Review of Literature, Agricultural Diversification and Markets in the Philippines (Project ADAM)*.

Navarro, Atoy. 2000. "Historiograpiyang Pilipino: Pananaw, Pamamaraan at Pilosopiya ng Kasaysayan." *Nasa Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, pinamatnugutan nina Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan. Lungsod ng Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Official Gazette: Official Journal of Republic of the Philippines. 1963. *Republic Act No. 3844 (An Act to Ordain the Agricultural Land Reform Code and to Institute Land Reforms in the Philippines, Including the Abolition of Tenancy and the Channeling of Capital Into Industry, Provide for the Necessary Implementing Agencies, Appropriate Funds Therefor and for Other Purposes)*.

Official Gazette: Official Journal of Republic of the Philippines. 1971. *Executive Order No. 334 (Creating the Coconut Coordinating Council)*.

Official Gazette: Official Journal of Republic of the Philippines. 1972. *Executive Order No. 380 (Reconstituting the Coconut Coordinating Council Created Under Executive Order No. 334 Dated August 30, 1971)*.

Philippine Coconut Administration (PHILCOA) - Standards Department. 1965. *Exporters of Desiccated Coconut, Copra Meal and Cake, Copra at Coconut Oil by Nationality and Volume of Experts*.

Rice, Lloyd P. 1935. "Philippine Copra and Coconut Oil in the American Market." *Far Eastern Survey* 4, no. 20: 156-161.

Sicat, Gerardo P. 2020. "Trade and Economic Development, 1898-1941." *Crossroads Toward Philippine Economic and Social Progress*, *Philippine Star*, February 12, 2020. <https://www.philstar.com/business/2020/02/12/1992291/trade-and-economic-development-1898-1941>.

Skare, Guro. 1995. *Coconuts Cultivation in the Philippines*. Norway: Chr. Michelsen Institute.

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Romeo P. Peña holds a PhD in Philippine Studies from the University of the Philippines Diliman. He is a Full Professor and Dean of the College of Arts and Letters and former Chief of the Center for Philippine Studies (formerly Center for Social History) at the Polytechnic University of the Philippines in Manila. His research focuses on literature of coconut farmers, agricultural development through literature, history of coconut industry, and popular culture.

ABOUT THE AUTHOR

Si Romeo P. Peña ay nagtapos ng PhD in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay Full Professor at Dekano ng College of Arts and Letters at dating Hepe ng Center for Philippine Studies (dating Center for Social History) ng Polytechnic University of the Philippines Manila. Nakatuon ang kaniyang mga pananaliksik sa panitikan ng mga magniniyog, pagpapaunlad ng agrikultura gamit ang panitikan, kasaysayan ng industriya ng niyog, at kulturang popular.